

# Mas Matalinong Balanseng mga Nagsusumang Pagtasa

Ang Mas Matalinong Balanseng mga Nagsusumang Pagtasa (Smarter Balanced Summative Assessments) ay bahagi ng programang pagsubok ng estado na tinatawag na Pagtasa ng Pagganap at Progreso ng Estudyante sa California (California Assessment of Student Performance and Progress) o CAASPP.

Ang Sistemang CAASPP ay idinisenyo upang magbigay ng impormasyon sa mga guro, estudyante, at sa kanilang mga pamilya tungkol sa kung ano ang nalalaman at kayang gawin ng mga estudyante at kung sila ay nasa direksiyon upang maging handa para sa tagumpay sa kolehiyo o karera kapag nagtapos sila mula sa mataas na paaralan.



## Mas Matalinong Balanseng mga Nagsusumang Pagtasa

<b>Sino</b>	Lahat ng mga estudyante sa mga grado 3 hanggang 8 at grado 11 ay sinusubok.
<b>Ano</b>	Sinusubok ang kaalaman at kasanayan sa sining ng wikang Ingles/karunungan bumasa't sumulat at matematika.
<b>Paano</b>	<p>Ang Mas Matalinong Balanseng mga Nagsusumang Pagtasa ay naiaagpang sa computer. Ang online na mga pagsubok ay nagbibigay sa mga estudyante ng maraming magkakaibang uri ng mga tanong na nagpapahintulot sa kanila na makagawa ng interaksyon sa mga tanong ng pagsubok. Para sa ilan sa mga tanong sa matematika, halimbawa, ang iyong anak ay maaaring sabihan na hatakin at ibaba ang mga bagay mula sa isang lugar sa screen patungo sa iba o gumuhit ng isang graph upang lutasin ang isang problema.</p> <p>Ang mga pagsubok na naiaagpang sa computer ay nag-aakma ng paghihirap sa mga tanong batay sa mga sagot na ibinibigay ng mga estudyante. Habang sumasagot ang mga estudyante nang tama, tumatanggap sila ng mas mahirap na mga tanong. Ang mga maling sagot ay nagdadala ng mas madaling mga tanong. Ito ay tumutulong na panatilihin maikli ang pagsubok para sa maraming estudyante at tinitiyak na ang mga puntos ay lubos na tumpak, lalo na para sa mga estudyanteng pumupuntos ng napakababa o napakataas.</p>
<b>Kailan</b>	Bawat paaralan ay pumipili ng sarili nitong bintana ng pagsubok. Ang pagsubok ay maaaring magsimula nang maaga sa Enero at magpatuloy hanggang sa huling araw ng paaralan. Ikaw ay tatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa iyong paaralan tungkol sa mga ispesipikong araw at oras ng pagsubok.
<b>Bakit</b>	<p>Ang mga resulta ng pagsubok ay isang piraso ng impormasyon tungkol sa kung paano gumaganap ang iyong anak sa paaralan. Kasama ng mga kard ng ulat at ibang impormasyon, ang mga resulta ng pagsubok ay nagsasabi sa amin kung ang iyong anak ay nasa direksiyon para magtagumpay sa mas mataas na mga grado at nakahanda para sa kolehiyo at karera.</p> <p>Para sa mga estudyante sa grado labing-isa, ang mga resulta ay ginagamit ng ilang kolehiyo sa California upang ipasiya kung gaano kahanda ang mga estudyante para sa klase sa antas ng kolehiyo.</p>

## Ang mga estudyante bang may kapansanan ay kumukuha ng Mas Matalinong Balanseng mga Nagsusumang Pagtasa?

Oo. Ang mga estudyanteng may kapansanan ay kumukuha ng Mas Matalinong Balanseng mga Nagsusumang Pagtasa, maliban kung sila ay isang aktibong programang ibinabagay na edukasyon (individualized education program, IEP) na nagtatalaga ng isang panghaliling pagtasa.

## Anu-anong mga tagatulong ang makukuha ng mga estudyante?

Lahat ng mga estudyante ay may daan sa iba't ibang mga kasangkapan sa pagkuha ng tulong na maaaring kailanganin nila kapag kumukuha ng pagsubok, tulad ng isang calculator sa ilang problema sa matematika, isang glosaryo kapag kinukuha ang bahaging pagbabasa ng pagsubok, o isang highlighter na magagamit nila upang lagyan ng highlight ang mahahalagang bahagi ng isang mahabang paragraph.

Ang mga estudyanteng may kapansanan ay may mga karagdagang suporta tulad ng mga video o Braille ng American Sign Language. Lahat ng mga tagatulong sa paggamit ay tumutulong sa mga estudyante na makakuha ng makatarungang daan sa pagsubok at hindi nakakaapekto sa mga puntos ng mga estudyante sa anumang paraan.

## Paano ko matutulungan ang aking anak na maghanda para sa pagsubok?

Ikaw ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon ng iyong anak. Ang ilang bagay na magagawa mo upang matulungan ang iyong anak ay:

- Talakayin ang pagsubok sa iyong anak. Tiyakin na siya ay hindi natatakot o nag-aalala.
- Sabihin sa iyong anak na ikaw at ang kanyang guro ay may matataas na inaasahan at kayo ay parehong naroon upang tulungan siya sa bawat hakbang.
- Kumuha ng pagsasanay na pagsubok kasama ang iyong anak. Ang mga pagsasanay na pagsubok ay matatagpuan sa: <http://www.caaspp.org/practice-and-training/index.html>.
- Tiyakin na ang iyong anak ay maayos na makakatulog sa gabi at may masustansiyang almusal bago ang pagsubok.
- Suriin ang mga resulta ng pagsubok kasama ang iyong anak at talakayin sa kanyang guro kung saan maaari siyang mangailangan ng karagdagang tulong.
- Bisitahin ang <http://www.testscoreguide.org/ca> para sa karagdagang impormasyon tungkol sa puntos ng iyong anak at upang makita ang mga sampol na aytem ng pagsubok.



## Karagdagang impormasyon

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Mas Matalinong Balanseng mga Nagsusumang Pagtasa ay matatagpuan sa pahina sa Web ng Pagsubok sa Agham ng California ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education) sa <http://www.cde.ca.gov/ta/tg/ca/caasppscience.asp>.

Ang guro o punong-guro ng iyong anak ay ang pinakamahusay na lugar upang magsimula kung ikaw ay may ibang mga tanong tungkol sa pagsubok o mga tagatulong sa kakayahang makagamit.

